



KOLEHIYO NG AGHAM PANLIPUNAN AT PILOSOPHIYA

Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Tanggapan ng Usaping Pangmag-aaral



PATNUBAY UKOL SA PAGGAMIT NG LOCKER SA KAPP

1. Maari lamang ipareserba ang locker mula sa Tanggapan ng Usaping Pangmag-aaral ng KAPP sa simula ng bawat semestre o kung kailan ito bubuksan.
2. Bibigyan ng prayoridad ang mga estudyanteng nasa unang taon, iyong mga may malalayong tirahan, at iyong mga walang nagawang paglabag mula sa nakaraang semestre.
3. Ang bayad para sa pagpapareserba ng isang yunit ng locker kada semestre ay isandaang piso (Php 100.00).
4. Ang kandado ng locker ay hindi manggagaling sa Tanggapan ng Usaping Pangmag-aaral ng KAPP. Kinakailangang magkaroon ng kani-kaniyang kandado na de kombinasyon ang lahat ng mabibigyan ng yunit. Maaring bumili nito sa opisina ng Sangguniang Mag-aaral ng KAPP kung nanaisin.
5. Ang tagal ng bisa ng pagkakaloob ng kada yunit ng locker ay isang semestre lamang. Kinakailangang alisin ang lahat ng mga gamit sa loob ng locker sa dulo ng bawat semestre o dalawang linggo bago ang huling araw ng klase.
6. Siguruhing malinis at maayos na maibabalik ang yunit ng locker katulad nang kung paano ito unang ipinagkaloob. Bawal magtago ng pagkain o anumang bagay na nabubulok sa loob nito. Mahigpit na ipinagbabawal ang pagtatago ng mga ilegal na bagay katulad ng bawal na gamot, patalim, mga bagay na maaring sumabog o masunog, at iba pang nakapipinsalang gamit.
7. Isa hanggang tatlong yunit ng locker lamang ang maaring ipagkaloob kada isang organisasyong naka-base sa KAPP.
8. Ang mga lockers ay pagmamay-ari ng kolehiyo. Hindi ito maaring dikitan o sulatan ng kahit na ano nang walang pahintulot mula sa Tanggapan ng Usaping Pangmag-aaral ng KAPP.
9. Kinakailangang maging responsable ang sinumang mapagkakalooban ng yunit ng locker sa kaniyang mga gamit, lalo na iyong mga mahahalaga. Hindi responsibilidad ng kolehiyo ang anumang gamit na mawawala sa loob ng locker.
10. Maaring tanggalan ng karapatang gumamit o magpareserba ng locker ang sinumang lalabag sa mga patnubay na nakasaad dito.
11. Kung may problemang pangkaligtasan at kinakailangan, maaring iutos ng Opisina ng Dekano ang pagbubukas sa mga yunit ng locker.

Pagsang-ayon:

Pangalan at lagda

Petsa